


# TINIG

OFFICIAL NEWSLETTER OF SAN GUILLERMO PARISH

JULY, AUGUST, SEPTEMBER 2015 / 103 E. MENDOZA ST., BUTING, PASIG CITY / VOLUME 3, ISSUE 2


Ang opisyal na pagtatalaga sa mga kasapi ng Media & Public Affairs Ministry kabilang si Fr. Michael Ortega, na pinamunuan naman ni Rev. Fr. Joselito I. Jopson, Diocesan Head Coordinator ng Media and Public Affairs Ministry. (sundan ang istorya sa pahina 4)

## PAD'Z POINT

**Rev. Fr. Michael Israel T. Ortega**

## BAYANG SUMISINTA KAY INANG MARIA

Pitong buwan na ang nakalipas noong ako'y itinalaga ng ating Mahal na Obispo, Mylo Hubert C. Vergara, DD, bilang ikasiyam na Kura Paroko ng San Guillermo Parish. Marami na'ng nangyari sa loob ng pitong buwan dito sa ating parokya, lalo na noong ipinagdiwang natin ang Dakilang Kapistahan ng Pag-akyat ni Inang Maria sa Langit (Assumption) noong Agosto 15 at ang kanyang Kaarawan noong Setyembre 8. Ako'y lubos na nagalak noong napansin ko kung gaano kabuhay ang inyong debosyon kay Inang Maria: sa pagdarasal ng Rosaryo, pagtatanod sa Banal na Sakramento, pagsimba sa mga Misa sa kanyang karangalan, at kahit sa film viewing tungkol kay Inang Maria ay dinaluhan ninyo. Kaya, ako'y nagpapasalamat nang lubos sa Legion of Mary sa pamumuno ni Bro. Barry J. Villanueva sa mga ginawa nilang paghahanda para gawing masaya ang pagdiriwang kay Inang Maria. Bukod dito, nagkaroon ng masayang pista sa karangalan ni San Joaquin, ama ni Inang Maria, na idinaos sa Brgy. San Joaquin, salamat sa pamumuno ng San Joaquin Chapel Community. Sa mga nabanggit na pagdiriwang, pinatunayan natin sa ating mga sarili na tayo, bilang mga parokyano ni San Guillermo ay isang bayang sumisinta kay Inang Maria. Subalit, ano bang natutunan natin mula sa ating Ina?

Si Inang Maria ay isinilang na walang bahid ng anumang kasalanan dahil pinanatiling malinis at busilak ang kanyang pagkatao, salamat sa biyaya ng Diyos Ama, upang maging Ina ng ating Poong Manunubos na si Hesukristo na Totoong Tao at Totoong Diyos. At noong dumating ang panahon na siya'y pumanaw dito sa lupa, iniakyat ng ating Diyos si Inang Maria, kaluluwa't katawan, sa Langit upang mapanatiling malinis at busilak mula sa pagka-agnas. Ang matingkad na salita o *keyword* na akma rito ay pagpapanatili (preservation). Mula sa mga dalawang pagdiriwang natin kay Inang Maria, tatlong hamon ang ibinabato sa atin ni Inang Maria: panatilihin ang integridad ng ating lipunan, panatilihin ang busilak na budhi ng bawat Katolikong Kristiyano lalo na ang mga kabataan, at panatilihin ang pagkakaisa ng bawat pamilyang Katolikong Kristiyano.

*Panatilihin ang integridad ng ating lipunan* - Kahit sa plataporma ng ating Pangulo na "Daang Matuwid" na ang layunin ay bawasan ang mga katiwalaan o korapsyon sa ating pamahalaan, alam ko na tayo ang magpapatunay na hindi lang ito palpak kundi may pinapanigan itong administrasyon natin na dala itong platapormang ito. Hindi lang iyon; hanggang ngayon may korapsyon pa rin sa ating pamahalaan. Kaya



tayo'y hinahamon na panatilihin ang ating integridad. Sa darating na halalan, huwag iboto ang mga kandidato na kilala sa korapsyon, lalo na ang mga tumatakbo sa pagkapangulo. Maging tapat tayo sa isa't isa na kahit sa huling sentimo ay kaya nating panagutan. Higit sa lahat, maging tapat at totoo tayo sa Diyos sa ating panalangin at pakikipag-ugnayan natin sa iba.

*Panatilihin ang busilak na budhi ng bawat Katolikong Kristiyano lalo na ang mga kabataan* - salamat sa mga makamundong mensahe na ipinapakita ng media sa ating mga kabataan lalo sa mga mensahe nina Vice Ganda at Ms. Pastillas, karamihan na sa ating mga kabataan ay nalason na ang pag-iisip. Ngayon, laganap sa kaisipan ng mga kabataan ang mga makamundong pag-iisip tulad ng "corny ang virginity" at "'di ka tunay na lalaki o babae kung hindi ka man lang nakipagtalik" kahit hindi kasal habang nabuo na sa kanilang mga isip na "corny na magsimba." Nakakalungkot isipin pero iyan ang katotohanan. Kaya tayo'y hinahamon ni Inang Maria na muling ituro sa ating mga kabataan ang kahalagahaan ng malinis at busilak na kalooban (purity and chastity), at ang pag-ibig sa Diyos at sa Simbahan ay siyang pinakamataas na antas na pag-ibig na dapat nating hangarin bilang mga Katolikong Kristiyano. Ituro sa ating mga kabataan na ang magmahal at maglingkod sa Diyos, lalo na kapag maglilingkod sa parokya tulad ng pagsali sa Parish Youth Ministry, ay siyang pinakamagandang magagawa nila bilang mga kabataan kaysa magsayang sila ng oras sa panonood ng mga walang kuwentang panoorin tulad ng love movies at pornographic movies, drugs, premarital sex, atbp.—

*sundan sa pahina 2*

**OUR PARISH**

**REV. FR. MICHAEL ORTEGA**
Parish Priest

**SCHEDULE OF MASSES:**
**-SAN GUILLERM O PARISH**
**DAILY MASS (TAGALOG):**
Mondays-6:00AM / Tuesdays-6:00PM
Wednesdays-6:00AM & 6:00PM
Thursdays-6:00PM
Fridays-6:00AM & 6:00PM
Saturdays-6:00AM &
6:00PM (Anticipated Sunday Mass)

**SUNDAY**
Main Parish
6:00AM; 7:15AM (English Mass);
9:00AM; 4:30PM; 6:00PM & 7:30PM

**-C H A P E L S-**
**(1) San Joaquin Chapel**
Sundays - 7:30AM and 6:00 PM
**(2) St. Francis of Assisi (Lexington)**
Saturdays (English) - 8:00PM
Sundays (English) - 10:15AM
**(3) Nuestra Señora de Guia (Ulilang Kawayan)**
Sundays - 4:30 PM
First Friday - 7:30PM
**(4) San Pedro Calungsod (East Mansion)**
3rd Sunday of the Month - 10:30AM

**-S E R V I C E S-**
**Confession**
Wednesday & Friday - 5:30PM
**Baptism** - Sunday - 11:30AM
**Wedding**
Kindly arrange with the parish office two months before the desired date
**Sick Call** - anytime
**Blessing** - by appointment
**Funeral Mass** - by appointment

**-DEVOTIONS & NOVENAS-**
Monday - Holy Trinity - 5:00PM
Tuesday - San Lorenzo Ruiz - 5:00PM
Wednesday -
Our Lady of Perpetual Help - 5:00PM
Thursday - Ina Poon Bato &
San Guillermo de Maleval - 5:00PM
Holy Hour & Benediction every 1st Friday of the Month - 5:00PM
Saturday - Memorial of the Blessed Virgin Mary - 6:00AM

**PARISH OFFICE HOURS**
Tuesdays to Sundays
8:00AM to 5:00PM

103 E. Mendoza St., Buting, Pasig City
Tel No. (02) 642-8051
Fax No. (02) 642-8051
www.facebook.com/sanguillermopasig

Tinig
OFFICIAL NEWSLETTER OF SAN GUILLERMO PARISH

**EDITORIAL STAFF**
Mina Anore, Mary Ann Ochoa,
Rowell Anne Santos,
Joezel Polintan, Junie Gulle,
Renz Pefenia, Kyrie Lababo,
Marck Sumulong, Camille Fe Sta. Ana
Piel Arcilla, Moses Importa
Arch Guevarra, Maica Landicho

**ADVISER**
Boy Jadaone
Rev. Fr. Michael T. Ortega


**PRINTER**
R.O. Santos

Send your comments, suggestions & feedback/ story, photograph & artwork contributions to TINIG @ to joepol18@yahoo.com

Tinig
OFFICIAL NEWSLETTER OF SAN GUILLERMO PARISH

## MUNTING KATESISMO

# AT ANG VERBO AY NAGKATAWANG TAO (JN 1:14)




Ang pagkakatawang-tao (Incarnation) sa tradisyonal na turo ng Kristiyanismo ay ang paniniwala na ang Pangalawang Persona ng Trinidad, ang Diyos Anak o "Logos" (Salita) ay "naging laman" sa pamamagitan ng paglihi ni Maria, na kilala bilang "Theotokos" (Birth -Giver to God) o "Mater Dei" (Mother of God). Ang Pagkakatawang Tao ay paniniwala na si Hesukristo sa pamamagitan ng Espiritu Santo, na ipaglilihi ni Maria, ay ganap na Diyos at ganap na Tao.

Si Maria, sa kanyang antipona – ANG PUSO KO AY NAGPUPURI SA PANGINOON (Lk. 1:46) ay nagbigay ng walang hanggang pagpupugay sa Diyos para sa nakamamanghang misteryo ng kanyang pagiging Ina ng Anak na siyang nagkatawang tao. Ang banal na pagiging ina ni Maria ay hindi lamang ang pinakadakilang pribilehiyo ni Maria, ngunit ito ay ang susi sa pag-unawa ng lahat ng kanyang iba pang mga pribilehiyo, mga pribilehiyong ibinigay sa kanya ng Panginoon bilang Ina ni Hesus.

Ayon sa Council of Chalcedon, sa taong 451, ang pagka-Diyos at ang pagiging Tao ni Hesus ay nagkakaisa na walang halong "dibisyon at pagkalito". Ang pormula na ito ay hindi pagtatangkang ipaliwanag ang isang bagay na mahirap intindihin ng isang tao, kundi para ipakita ang hangganan ng pananampalataya ng mga naniniwala. Ayon kay Jeremy Taylor, isang English Spiritual Writer, "Ang relihiyon na walang misteryo ay isang relihiyon na walang Diyos". Ang misteryo ng pagigiging tao ni Hesus ay nakaugnay sa ating pananampalataya na ang Diyos Ama sa pagmamahal sa atin ay isinugo ang bugtong Niyang Anak upang makipamuhay sa atin at tayo ay iligtas sa ating mga kasalanan. — *Sis. Joezel Polintan*

Resources: https://en.wikipedia.org/wiki/Incarnation_(Christianity); YouCat (Youth Catechism of the Catholic Church) pg.54; www.motherofallpeoples.com/2006/08/marys-divine-motherhood-part-i/

# DIKSIONARYO
## (BIBLE WORDS & MEANING)
**Researcher: Junie Gulle**

**MGA KATAUHAN AT BAGAY NA PANGRELIHIYON:**

- Altar O Dambana – isang dambanang ginagamit sa pagsamba; dito sinusunog o iniaalay ang mga handog kay Yahweh.
- Amen – salitang Hebreo na may diwang pagpapatunay o pagpapatibay sa isang bagay. Sa Pahayag 3:14 ito'y ginamit bilang isang katawagan kay Kristo.
- Anghel – mga nilalang na nagdadala ng mensahe ng Diyos
- Kaban ng Tipan – sisidlang parang baul na yari sa kahoy ng akasya at balot ng lantay na ginto. Dito nakalagay ang mga tapyas ng batong kinasusulatan ng Sampung Utos , kaya't itinuturing ito na simbolo ng presensya ng Diyos sa mga Israelita.
- Kapitel – ang itaas na bahagi ng haliging tumutukod sa bubungan ng tabernakulo o ng templo.
- Kerubin – mga nilalang na may pakpak; maaring ito'y isang uri ng mga anghel.
- Korderong Pampaskwa – isang natatanging tupa na sadyang inihahanda upang sama-samang pagsaluhan ng buong sambahayan pagdating ng Pista ng Paskwa, upang gunitain ang naganap sa aklat ng Exodo patungkol sa pagliligtas ni Yahweh sa mga Israelita.

## *(mula sa Pahina 1)* PAD'Z POINT

*Panatilihin ang pagkakaisa ng bawat pamilyang Katolikong Kristiyano* - nakakalungkot ang katotohanan na karamihan sa ating mga Filipinong Pamilya ay wasak dala ng paghihiwalay ng mga magulang, laging may gulo sa tahanan, mga sumusuway na anak, at mga magulang na may mga pamilya ring iba kung hindi mga kabit. Dahil dito'y nasisira ang pagkakaisa at pagmamahal sa pamilya at nakikita dito ang bunga o epekto sa pagdadala ng buhay ng karamihan sa ating mga kabataan. Kaya tayo'y hinahamon ni Inang Maria na panatilihin ang pagkakaisa at pagmamahal sa ating mga pamilya. Itaguyod ang pagmamahal, paggalang, at katapatan sa ating mga pamilya. Higit sa lahat, iwasan ang mga tukso na magdudulot sa pagkawasak nito tulad ng pagkakaroon ng *kerida* o *third party,* panonood ng pornography, pagsisinungaling, kakulangan ng oras para sa bawat kapamilya, at ganid sa pera o anumang yaman.

Kapag ating tatanggapin ang mga hamon nito, siguradong magagawa nating hindi lang ituwid ang ating mga sarili; bagkus, magagawa nating ituwid ang ating bansa. Ang kailangan natin ay palagiang panalangin tulad ng pagdarasal ng Rosaryo kay Inang Maria, Linggu-linggong pagsisimba at pagkokomunyon, at pagsasabuhay ng mga turo at utos ng pinakamamahal na Anak ni Maria at Siya'y si Hesukristo. Sa madaling salita, mas lalo pa nating iugnay ang ating sarili kay Hesus at kay Inang Maria sa panalangin. Sa ganitong paraan, talagang matatawag natin ang ating sarili na Bayang Sumisinta kay Inang Maria.

# RELICS NI PADRE PIO, BUMISITA SA SAN GUILLERMO



Ano ang ginagawa mo kapag birthday mo?

Nasabi ko noon sa Worship Ministry meeting na baka hindi ako makaattend sa pagbisita ni Padre Pio sa araw na ito dahil baka umalis kami ng pamilya ko, kasi magsecelebrate kami. Sabi ng isa kong kasamahan sa grupo, "Aattend ka dapat niyan, Anne." What the Lord wants, will be done, kaya noong ika-20 ng Hunyo, Sabado, nang bumisita sa ating parokya ang relics ni San Padre Pio of Pietrelcina, ako at ang buong parokya ay napakapalad. Dumaan sa masusing proseso ang naturang aktibidad na pinamunuan ng Worship Ministry ng San Guillermo Parish.

Dumating ang mga volunteers ng Philippine Centre for St. Pio of Pietrelcina, Libis sa ganap na ika 11 ng umaga. Sila ay mainit na sinalubong ng mga miyembro ng Parish Pastoral Council, pati na rin si Rev. Fr. Michael Israel Ortega. Pagkatapos magkakilanlan ng sandali, inilagay na sa may harapan ang relics ni Padre Pio. Sinimulan ang banal na misa sa pamumuno ni Fr. Michael.

Pagkatapos ng komunyon ay nagbigay ng maikling testimonya si Ate Angie, isang lector sa Padre Pio. Ikinuwento niya ang kalagayan niyang hindi na makakita nang siya ay nanganak sa kanyang ika-apat na anak. Nagdebosyon sya sa Mahal na Birheng Maria at San Padre Pio, at sa pamamagitan nila, ay unti-unting nagmirakulo ang Diyos sa kanya. Ngayon ay nakakakita na siya, kahit hindi pa kasing kalinaw tulad ng dati na siyang tumutulong sa kanya na maging regular na lector sa Kapilya ng San Padre Pio. Siya ay nagpapasalamat sa nangyaring pagbabago sa kanya sa tulong ni Padre Pio.

Pagkatapos ng testimony ay nagsimula na ang veneration at healing. Tumulong ang mga miyembro ng EMHC sa pagpapahid ng langis, pati na rin si Fr. Michael kasabay ng pagaasikaso ng mga volunteers sa mga maysakit. Nakabantay din ang ilang miyembro ng Knights of Columbus habang nangyayari ang healing. Marami ang nasiyahan sa pagbisita ni Padre Pio sa Buting. Noong una, akala namin na kakaunti ang pupunta, pero lubos ang aming kagalakan na napuno ang buong simbahan na parang may misa ng araw ng Linggo. Ang kapangyarihan ng Panginoon at ang kanyang pagpapala ay sumasaating lahat. Sabi nga ni Padre Pio: "PRAY, HOPE and DON'T WORRY."







REPORT & PHOTO CREDITS TO SIS. ROWELL ANNE C. SANTOS

# PERSONALITY IN FOCUS:

## SIS. IRMA REA-CUARESMA, WORSHIP MINISTRY COORDINATOR



Ang Worship Ministry ang pinaka-bantad na kawaksi sa mga gawain ng ating Simbahan. Binubuo ng walong (8) organisasyon, ang mga miyembrong samahan ng Worship Ministry at ang mga kasapi nito ang lagi ninyong nakikita sa lahat ng pagdiriwang ng Misa, sa pagdarasal ng Santo Rosaryo, mga prusisyon, sa mga nobena sa loob at labas ng Simbahan, at iba pang mga gawaing iniaatang ng ating Kura Paroko sa kanilang ministry hindi lamang sa ating parokya kundi sa nasasakupang chapels sa San Joaquin, sa St. Francis of Assisi Chapel ng Lexington Garden Village, sa Nuestra Senora de Guia ng Ulilang Kawayan, at sa San Pedro Calungsod Chapel ng East Mansion Homes. Ang 8 organisasyon sa ilalim ng Worship Ministry ay ang: Apostolado ng Panalangin, Ministry of Altar Servers, Lectors and Commentators Ministry, Mother Butler Guild, Extraordinary Ministers of Holy Communion, Ushers Ministry, Ministry for Liturgical Music, at Legion of Mary. Ang namumuno sa grupong ito ay si **Sis. Irma Rea-Cuaresma**, ngayon ay isa ng retiradong Guro, Biyuda ni Dionisio Cuaresma, Ina ng 7 anak nakapagtapos ng kolehiyo na pawang may kanya-kanya ng hanapbuhay, lola ng 13 apo. Siya ay kasalukuyang naninirahan sa Capri Oasis sa Maybunga, Pasig City, at bumibiyahe papuntang Buting tuwing magsisilbi sa Misa, dadalo at mamumuno sa Mga meetings ng Worship Ministry, ng Parish Pastoral Council at Execom, at kapag may gawaing kailangan niyang pangasiwaan. Matagal silang nanirahan ng kanyang mga anak sa A. Mariano St. papuntang Ausmolo, Buting na maari namang lakarin papunta at pabalik sa ating Parokya.

Ipinanganak noong ika 29 ng Oktubre taong 1948, si Sis. Irma ay lumaki at namulat sa pagdarasal ng kanyang Lola tuwing orasyon sa ika 6 ng gabi kasama ng kanyang Nanay na nakapag-aral sa Colegio del Buen Consejo. Nagsimula siyang maging miyembro ng Chiro sa Buting ng siya ay grade 5 at dahil mahilig sa music, naging choir member siya sa noon ay Buting Chapel pa. Sina Bro. Johnny Belgica (+) at Sis. Delea Canonoy ang naghimok kay Sis. Irma na maging aktibo sa mga gawain sa Buting Chapel. Taong 1990 ng naging kasapi siya ng Shepherd's Sheep Catholic Charismatic Community, at naging coordinator nito taong 1993-1994, coordinator Cursillo Movement nung 1996 to 1998, kasapi ng Music Ministry mula 1996 hanggang 2000, at dahil sa panghihikayat ng mahal na yumaong Rev. Fr. Fil Tarroza, ay namuno sa Worship Ministry mula 2000 hanggang kasalukuyan. - *SUNDAN SA PAHINA 6*

# MEDIA & PUBLIC AFFAIRS MINISTRY

By: Mina M. Anore



Isang samahan sa San Guillermo Parish na nakapaloob sa Education Ministry, na ang layunin ay ihatid si Kristo, ang Mabuting Balita, sa sambayanan lalo na sa mga di nakakapagsimba.

Opisyal na inilunsad noong September 13, 2015 sa parokya ng San Guillermo ang Media and Public Affairs Ministry sa pangunguna ni Fr. Michael Israel T. Ortega, Kura Paroko, at tumatayong adviser ng samahan.

Dumaan sa 3 araw na makabuluhang seminar ang mga kasapi at si Fr. Michael sa matiyagang pagtuturo ni Sir Paolo Gonzales ng Jesuit Communications. Huling bahagi ng seminar ay ang banal na Misa ng pagtatalaga sa mga kasapi kabilang si Fr. Michael, na pinamunuan naman ni Rev. Fr. Joselito I. Jopson, Diocesan Head Coordinator ng Media and Public Affairs Ministry.

**VISION:**

ISANG SAMAHAN NG MGA MAY MALIKHAING KAISIPAN NA MASAYA, SAMA-SAMANG KUMIKILOS, NAGPAPAHAYAG AT NAGHAHATID NG MAKATOTOHANANG PAMUMUHAY-KRISTIYANO SA MGA PAROKYANO NG SAN GUILLERMO.



**MISSION:**


MAPALAGO AT MAPALAWAK ANG KAMALAYAN, KABATIRAN, AT KAALAMAN NG MGA MANANAMPALATAYA NG PAROKYA SA PAMAMAGITAN NG:

Paghahatid ng napapanahong paksa tungkol sa pananampalataya at pang araw-araw na pamumuhay.
Pagtuturo ng katesismo ng simbahan
Pagpapa-alala ng wastong pag-uugali at kabutihang asal lalo na kapag nasa loob ng simbahan.

**MGA GAWAIN:**

**PRINT**

Makapaglabas ng opisyal na newsletter, TINIG, upang mailapit sa mga parokyano ngSan Guillermo ang napapanahong kaganapan/activities ng parokya, munting katesismo, parenting, balitang pangkabataan, personalidad ng manggagawang laiko, buhay ng santo, kahulugan sa pagpapadali ng mga salita, at mensahe ng kura.




**VIDEO/PHOTO**

Makatulong sa mga pagpapalabas ng informercials bago magsimula ang Misa, mga maiikling panoorin na layon ang pagpapalalim pa ng ating buhay-paglilingkod.

**SOCIAL MEDIA / SOCIAL COMMUNICATIONS**

Facebook, instagram, twitter…kami'y nagnanais magkaroon ng website nang lalong mapadali ang balitaan hindi lang sa nasasakop ng parokya kundi sa buong mundo.

**PAGBABALIK TANAW:**

December 2013 – nagsimulang magkaroon ng Media Ministry para lamang may maipadala ang San Guillermo Parish sa mga meetings ng Diocese. Tahimik na nag-usap, at bumuo ang 5 kataong malalakas ang loob (Mina, Anne, Mary Ann, Joezel at Barry), na sa tingin ay kakayanin kaisa si Fr. Bebot Catuiran, Kura Paroko at Bro. Boy Jadaone, mga Advisers, nabuo ang TINIG newsletter. Unti-unting nagtawag ng mga ilang kasama, na may tumugon, at ang iba naman ay umalis. Nagmimeeting halos lingo-linggo para sa buwanang paglalabas ng babasahin. Kinatulong ang ilang matitiyagang kapatiran sa paghahatid sa mga bahay-bahay sa Buting, Ulilang Kawayan, San Joaquin, Lexington, East Mansion.



**TAGUMPAY:**

Lakasang loob, lumahok ang TINIG sa ikalawang Pasig Catholic Mass Media Awards, Diocese of Pasig noong nakaraang taong 2014. At gantimpalang nakakataba naman ng puso, pagpapala sa pagod, hirap, puyatan, pagmamadali sa deadline, opisyal at personal na gastos, nakamit natin ang ….. TINIG - BEST NEWSLETTER.

Sa ngayon, tuloy tuloy na paglilingkod, pagpapabatid, pagpapalaganap ng Mabuting Balita sa lahat.

**MGA KASAPI:**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Mina M. Anore | Junie Gulle | Renz Perfenia | Maica Landicho |
| Mary Ann Ochoa | Joezel Polintan | Kyrie Lababo | Marck Sumulong |
| Rowell-Anne Santos | Camille Sta. Ana | Moses Importa | Piel Arcilla |
| Arch Guevara | | | |

Advisers:
Rev. Fr. Michael Israel T. Ortega
Bro. Clodualdo L. Jadaone

# PARISH EVENTS





**Nagsagawa ng Installation sa mga bagong kasapi ang Mother Butler Guild ng SGP**









**Nakiisa ang parokya sa isinagawang Walk for Peace with Mary noong Setyembre 5, 2015. Nagmula sa Immaculate Cathedral patungong Sta. Clara de Montefalco, Caniogan, Pasig.**





**Nakiisa sa pagdalo ang PPC-SGP sa Conference of the Laity noong Sept. 26, 2015 at Sta Clara de Montefalco. Speakers: Bro Jun Banaag at Bishop Teodoro Bacani…Mass – Bishop Mylo Hubert Vergara**

**Photos by: Mina M. Anore**

# PERKS OF GROWING UP IN A CATHOLIC SCHOOL

**BY: CAMILLE STA.ANA**

I've been studying in a Catholic School since my elementary grades, almost 11 years of growing up there. What's with a catholic school? People will say they prefer more to study in a public school, why? Simply because they don't want rules.

As a growing-up child, I have been blessed enough to study in a catholic school where I know I can form and develop as a better individual. Catholic schools always have "Christian Living Education" subject where students are given the opportunity to know Him, catholic or not. 11 years of taking up this subject helped me to develop and strengthen my faith in Him.



**BY: MAICA LANDICHO**



11 years. 1 year in pre-school, 6 years in Elementary, 4 years in High School. All those years spent in a place which promotes culture of excellence, social transformation and most of all; commitment to Catholic education. I am proud to say that I am a product of a Catholic School. Some may say that I grew up in a strict, very religious, and conservative environment. That is true, but only partially. Like any other organization, or school, to be exact, people always have their own free will. Yes, there are rules, but implementation has always been a problem. All those years I have been exposed to issues and controversies concerning violation of the values of our dear Alma Mater. With that said, I can say that my stay in a Catholic school exposed me to what is actually happening in our church. The church, or the people inside our religion are subject to set of rules, mainly, we have the Ten Commandments. How often do we find Christians violating the rules of God? How often do we see people practicing their faith while also gambling, having affairs, patronizing divorce, same sex marriage and abortion?



My stay in a Catholic school has taught me that being a Catholic is not only done by hearing mass nor is done by mere words of affirmation. It is fulfilled through action. Through reaching out to the needy, through upholding the values of our Church. Through dismissing all hatred in our hearts and loving wholeheartedly. It is done through believing that Jesus died on the cross to save us from our sins, therefore we must free ourselves from these sins. We must remind ourselves every day that our actions must reflect the values and the teachings of Christ. Being a Catholic is done by constantly sharing the word of God and living by it. Being a Catholic is done not through words, not through writing, but it is done by actions. It is done by love. Our school president would always say "Love" in the most passionate way. A way to remind us that love is the greatest commandment of all.

I am proud to say that as a product of a Catholic school; I was molded and guided to understand that to be a true Catholic, one must love, and everything shall follow. I am proud to be a PCCian, a person of character and competence.

## mula sa pahina 3/PERSONALITY . . .

Si Sis. Irma ay humawak ng maseselang posisyon sa Pasig City Day Care Service Unit bilang Accreditor for Teachers and Day Care Centers kasabay sa pagiging Administrator ng Service Unit nito. Bukod pa dito, patuloy siyang naging Day Care Center Teacher mula 1991 hanggang sa kanyang pagreretiro taong 2013.

May kislap sa mga mata at ngiti sa kanyang labi kapag nababanggit ni Sis. Irma ang kanyang pitong anak. Maligaya siya dahil silang lahat na magkakapatid ay tahimik na nagtutulong-tulong upang maitaguyod ang kanilang mga mithiin at pangangailangan sa buhay. Sulit na sulit ang kanyang mga dinanas na hirap tuwing nagkikita, nagkakausap, at nagtitipon-tipon sila ng kanyang mga anak at mga apo, na hindi naman malimit dahil tatlo sa kanyang mga anak, sina Jose Don, Donald, at Ingrid, ay pawang mga OFWs. Si Dennis ay isang Contractor ng San Jose Builders, si Ivy ay isang Realty Agent, at sina Irish at Imee ay pawang Call Center Agents. Sila ang mga diamante sa buhay ni Sis. Irma.

Isa sa mga hangarin ni Sis. Irma ay ang mas malalim na pagkakaisa ng simbahan at pamahalaan tungo sa paglutas ng mga problemang ispiritual at mabigyan ng kabuhayan ang mga mahihirap sa ating parokya, lalung lalo na ang mga nasa depressed areas, para maging masaya ang sambayanan ng Diyos. Mahalaga sa kanya ang pagtatayo ng mas maraming makabuluhang outreach programs at pagtuturo ng katesismo sa mga kabataan sa loob at labas ng simbahan sa pamamagitan ng paghihikayat sa mga volunteer catechists na may charisma sa pagtuturo.

Personal na mithiin ni Sis. Irma ang pagkakaisa ng lahat ng lingkod ng simbahan at ang pantay-pantay na pagtingin at pagbibigay-atensyon ng Kura Paroko sa bawat organisasyon na pawang may gawain sa ating Parokya. Para sa kanya, walang imposible kapag ang lahat ay masaya at tulong-tulong na gumagawa upang maisakatuparan ang layunin ng ating Simbahan at mapatibay lalo ang pananampalataya na ang Diyos ang ating katuwang sa habambuhay.

**"Sa hirap at ginhawa, tanging Diyos ang maasahan; ang imposible sa tao ay posible sa Diyos"**

Iyan si Sis. Irma: malalim ang paniniwala, marubdob ang pagmamahal sa Diyos!

- Sis. Mary Ann Ochoa